

外国語翻訳版

Bersiyong salin sa ibang wika

お子さまの定期予防接種のご案内

Patnubay sa regular na pagpapabakuna para sa mga bata

1 予防接種を受ける前の注意事項

1 Mga paalala bago magpapabakuna

予防接種は健康な人が元気な時に接種を受け、その病原体の感染を予防するものですので、体調のよい時に受けるのが原則です。日ごろから保護者の方はお子さんの体質、体調など健康状態によく気を配ってください。また、慢性の病気をもっている場合や何か気にかかることがあれば、あらかじめ、かかりつけの医師や保健福祉センターにご相談ください。

安全に予防接種を受けるために、次の点にご注意ください。

Dahil ang pagpapabakuna ay tinatanggap ng malusog na tao sa oras na sila ay masigla, at ito ay upang maiwasan ang pagkalat ng sanhi ng mga sakit, dapat tumanggap nito kapag nasa mabuting ang pisikal na kondisyon. Ang magulang o tagapag-alaga ay dapat bantayang mabuti ang kalagayan ng kalusugan ng mga bata, tulad ng pisikal na lagay, kondisyon, atbp. At, kung may malalang sakit sila, o kung mayroon kang pinag-aalalahanan, kumunsulta sa inyong doktor o sa malapit na Health and Welfare center bago magpapabakuna.

Upang tumanggap ng bakuna nang ligtas, tandaan ang mga sumusunod.

【予防接種を受けるときのポイント】

Mga mahahalagang bagay sa oras ng pagpapabakuna

① 予防接種を受ける前にこの予防接種手帳をよく読んで、必要性や副反応についてよく理解しましょう。わからないことは医療機関で接種を受ける前に質問しましょう。

Basahin nating mabuti itong gabay bago ang pagpapabakuna, at unawaing mabuti ang tungkol sa kahalagahan at maaring mga side effect nito. Kung may mga hindi maintindihan, magtanong tayo bago ang pagpapabakuna sa mga institusyong medikal.

② 受ける前日は入浴（又はシャワー）をさせ、身体を清潔にしましょう。

Bago ang araw ng pagpapabakuna, paliguan sa banyera (o shower), linisin natin ang kanilang katawan.

③ 当日は体温を測り、朝から子どもの状態をよく観察し、普段と変わった様子がないことを確認してください。接種に連れていく予定をしていても体調が悪い時はやめましょう。

Sa mismong araw ng pagpapabakuna, sukatin ang temperatura ng katawan, pagmasdang mabuti ang kalagayan ng bata mula umaga, at tiyakin kung wala bang pinagkaiba mula sa karaniwan. Kahit na may planong dalhin upang magpapabakuna, ipagpaliban ito sa oras na ang pisikal na kondisyon ay hindi maganda.

④ 着衣は清潔なものにしましょう。

Bihisan nating ng malinis na damit ang bata.

⑤ 接種を受ける子どもの日頃の状態をよく知っている保護者の方が連れていきましょう。

Ang magulang o tagapag-alaga na nakakaalam ng pang-araw-araw na kalagayan ng bata nang mabuti ang dapat sumama.

⑥ 予診票は子どもを診察して接種する医師への大切な情報です。

責任をもって、ありのままに記入しましょう。

Ang vaccination questionnaire ay magiging importanteng impormasyon para sa doktor na susuri at magbabakuna sa bata.

Maging responsible tayo at isulat lamang ang katotohanan.

⑦ 母子健康手帳は必ず医療機関に持っていきましょう。

Dapat nating dalhin ang Mother & Child Health Handbook sa mga institusyong medikal.

⑧ 保護者の方で髪が長い場合はゴムなどでまとめ、お子さんの接種部位に髪が触れないようにしましょう。

Kung ang magulang o tagapag-alaga ay may mahabang buhok, itali ito ng goma, atbp. at huwag natin hayaang dumikit ito sa bahaging binakunahan sa bata.

(1) 病気にかかった後の接種間隔

Pagitan ng pagpapabakuna matapos dapuan ng sakit

麻疹、風疹、水痘、おたふくかぜなどにかかった場合には、全身状態の改善を待って接種してください。次の表が目安とされています。

Kung nagkaroon ng tigas, rubella (German measles), bulutong-tubig, beke, maghintay hanggang bumuti ang buong kalagayan ng katawan ng bata at saka magpapabakuna. Ang sumusunod na talaan ay gamitin bilang gabay.

かかった病気 Sakit	治ってから接種までの間隔 Pagitan mula sa paggaling dito at sa pagpapabakuna
麻疹 Tigas	4週間程度 Mga 4 na linggo
風疹・水痘・おたふくかぜなど (German measles), bulutong-tubig, beke, at iba pa	2~4週間程度 Mga 2-4 na linggo

<p>上記以外のウイルス性疾患 (突発性発疹・手足口病・伝染性紅斑など) Iba pang inpeksiyon mula sa virus bukod sa mga nakasulat sa itaas (Hal. roseola/sixth disease, o hand, foot and mouth disease o erythema infectiosum/fifth disease, at iba pa)</p>	<p>1~2 週間程度 Mga 1-2 na linggo</p>
---	---------------------------------------

2) 予防接種を受けることができない人

(2) Mga taong hindi maaring tumanggap ng bakuna

① 明らかに発熱のある人

① Malinaw na may lagnat

(接種場所で測定した体温が 37.5°C以上を指します。)

(Tumutukoy sa nasukat sa bakunahan na temperatura ng katawan ay 37.5°C at pataas.)

② 重い急性疾患にかかっている人

② Mayroong sobrang matinding karamdaman

(急性の病気で薬を飲む必要がある人は、その日は見合わせるのが原則です。)

(Sa mga batang kailangang uminom ng gamot dahil may matinding karamdaman, dapat ipagpaliban ang araw ng pagpapabakuna.)

③ 予防接種の接種液の成分でアナフィラキシー（接種後 30 分以内に出現する呼吸困難や重いアレルギー反応のこと）を起こしたことがある人

③ Mga nagkaraoon ng anapilaksis (ang hirap sa paghinga o matinding alerhiya na reaksiyon na lumalabas sa loob ng 30 minuto matapos ang pagpapabakuna) dahil sa sangkap ng bakuna

④ B 型肝炎ワクチン接種の場合、母子感染予防として、出生後（入院中）に B 型肝炎ワクチンの接種を受けたことがある人

④ Sa kaso ng bakuna para sa Hepatitis B, iyong nakatanggap ng bakuna para sa Hepatitis B pagkasilang ng anak (habang nasa ospital) upang maiwasan ang pagkahawa mula ina sa anak

⑤ ロタウイルスワクチン接種の場合は、腸重積症にかかったことが明らかな人、先天性消化管障がいのある人（その治療が完了した人を除く）、重症複合免疫不全症の所見がある人

⑤ Sa kaso ng bakuna para sa rotavirus, malinaw na nagkaroon ng intussusception, o may congenital gastrointestinal na kondisyon (maliban doon sa mga tapos na ang pagpapagamot nito) , o mayroong severe combined immunodeficiency (SCID)

⑥ BCG ワクチン接種の場合は、結核にかかったことがある人、その他の予防接種・外傷などによりケロイドができたことがある人

⑥ Sa kaso ng bakuna ng BCG, mga nagkaroon ng tuberculosis, o nagkaroon ng keloid mula sa ibang bakuna o pagkasugat

⑦ その他、医師が接種不相当と判断した人

⑦ At iba pa na natukoy ng doktor na hindi angkop sa pagpapabakuna

(3) 医師とよく相談しなくてはならない人

(3) Mga taong kailangan kumunsulta munang mabuti sa doktor

次に該当すると思われる人は、かかりつけの医師がある場合には必ず前もって診ていただき、診断書又は意見書をもらってから接種に行きましょう。その際の診断などは、母子健康手帳に記入してもらおうと利用しやすいでしょう。

Ang mga taong tingin na tumutugma sa mga sumusunod at kung may doktor ng pamilya ay siguraduhing magpatingin muna dito, at humingi ng medical certificate o medical opinion statement bago tayo magpapabakuna. Sa oras ng pagkunsulta atbp., kung ipinasulat ito sa Mother & Child Health Handbook, magiging mas madali ang pagpapabakuna.

① 心臓病、腎臓病、肝臓病や血液の病気及び発育障がいなどがある人

① Mga may sakit sa puso, bato, atay o dugo, o iyong may kapansanan sa paglaki, at iba pa

② 予防接種後2日以内に発熱及び、全身性の発しんなどアレルギーを疑う症状がみられた人

② Mga nakitaan ng sintomas na pinaghihinalaang reaksiyong alerhiya tulad ng pagkaroon ng lagnat o pantal sa buong katawan sa loob ng 2 araw matapos ang pagbakuna

③ 接種しようとする接種液の成分に対して、アレルギーの症状がでるおそれのある人

③ Mga may pag-aalalang lumabas ang sintomas ng alerhiya sa sangkap ng bakuna

④ 今までにけいれんをおこしたことがある人

※かかりつけの医師と事前によく相談しましょう。

④ May karanasan ng pagkakaroon ng kumbulsiyon

*Kumunsulta tayo ng maigi sa doktor ng pamilya bago ang pagpapabakuna.

⑤ 過去に免疫状態を検査して異常を指摘されたことのある人、及び近親者に先天性免疫不全症の方がいる人

⑤ Mga nakitaan ng abnormalidad noong sinuri ang panlaban ng katawan (immune system) sa nakaraan, o iyong may congenital immunodeficiency sa malapit na kamag-anak

免疫不全

「免疫不全」とは身体の中に病気の原因となる微生物が侵入したときに、身体を守るために働く機能が不十分で抵抗力が著しく低下した状態です。病気に感染しやすく、感染すると症状が長びいたり悪化したりします。

Immunodeficiency

Ang “immunodeficiency” ay kondisyon kung saan kapag may nakapasok na mikrobyo sa loob ng katawan na sanhi ng mga sakit, ang mekanismong pagprotekta ng katawan ay hindi sapat at ang lakas pangdepensa ay malinaw na bagsak. Madaling mahawa sa sakit, at kapag nagkasakit, ang mga sintomas ay mahaba o malala.

⑥ ロタウイルスワクチン接種の場合は、活動性胃腸疾患や下痢などの胃腸障がいのある人

⑥ Sa kaso ng bakuna para sa rotavirus, mayroong mga gastrointestinal disorder tulad ng active gastrointestinal disease o pagdurumi, atbp.

⑦ BCG ワクチン接種の場合は、接種部位に外用ステロイド剤を使用している人

⑦ Sa kaso ng bakuna ng BCG, mga gumagamit ng topical steroid sa bahagi ng babakunahan

⑧ BCG ワクチン接種の場合は、過去に結核患者と接触があった人、結核に感染している疑いのある人

※⑧については、お住まいの区の保健福祉センターへ事前に問い合わせましょう。

⑦ Sa kaso ng bakuna ng BCG, mga gumagamit ng topical steroid sa bahagi ng babakunahan

⑧ Sa kaso ng bakuna ng BCG, dating nakasalamuha ang taong may TB, o pinaghihilaang nahawa sa TB

*Para sa ⑧, makipag-ugnayan muna tayo sa Health and Welfare center sa inyong munisipyong tinitirahan.

2 予防接種を受けた後の注意事項

2 Mga dapat tandaan matapos tumanggap ng pagbakuna

① 予防接種を受けたあと 30 分以内に、急な副反応がおこることがあります。医師とすぐに連絡がとれるようにして、お子さんの様子を観察しましょう。

① Maaring magkaroon ng biglaang side effect sa loob ng 30 minuto matapos mabakanuhan. Siguraduhing madaling makontak ang doktor, at pagmasdan natin ang kalagayan ng bata.

② 接種後、生ワクチンでは4週間、不活化ワクチンでは1週間は副反応の出現に注意しましょう。

② Matapos ang pagpapabakuna, maging maingat tayo sa paglabas ng mga side effect: 4 linggo para sa live vaccine at 1 linggo para sa inactivated vaccine.

③ 接種部位の腫れ、高熱、嘔吐、けいれん（ひきつけ）、その他変わったことがある時は、速やかに医師の診察を受けましょう。

③ Kung magkaroon ng pamamaga sa bahaging binakunahan, o mataas na lagnat, o pagsusuka, o kumbulsiyon (panginginig), at iba pang pagbago ng kalagayan, agad nating patingnan ito sa doktor.

④ 接種部位は清潔に保ちましょう。入浴は差し支えありませんが、接種した部位をこすることはやめましょう。

④ Panatilihin nating malinis ang bahaging binakunahan. Walang problema sa pagligo, ngunit huwag nating kuskusin ang bahaging binakunahan.

⑤ 接種当日はいつも通りの生活ができますが、はげしい運動は避けましょう。

⑤ Sa araw ng pagpapabakuna ay maaring gawin ang kadalasang ginagawa araw-araw, ngunit iwasan natin ang matinding ehersisyo.

3 予防接種の受け方

3 Ang pagtanggap ng bakuna

定期の予防接種は大阪市委託医療機関で実施しています。予防接種を受ける時は医療機関にあらかじめ申し込んでください。実施医療機関については大阪市のホームページでご確認いただくか、保健福祉センターにお問い合わせください。

接種当日は、予診票に必要事項を記入し、医療機関に予防接種手帳と母子健康手帳をお持ちください。医療機関では、医療機関に置いてある「予防接種実施申込書」に記入のうえ、お子さんの体温を測定します。医師の診察により接種できるかどうかを判定します。この結果、接種できる時には保護者の方にサインしていただいてから接種します。当日、発熱などの理由により接種できなかった場合には、お住まいの区の保健福祉センターから予診票の再交付を受け、医療機関から指示された日時に接種を受けてください。

Ang regular na pagpapabakuna ay gagawin sa itinalagang institusyong medikal ng Lungsod ng Osaka. Sa oras na magpapabakuna, kailangang mag-apply muna bago pumunta. Para sa detalye ng institusyong medikal na magsasagawa nito, maaring tingnan ang detalye sa website ng Lungsod ng Osaka, o sumangguni sa Health and Welfare center. Sa araw ng pagpapabakuna, isulat ang mga kailangan sa medical questionnaire, dalhin ang vaccination booklet at Mother & Child Health Handbook sa nasabing institusyon. Dito, matapos sulatan ang nakalagay na “Vaccination Application Form”, susukatan ang temperatura ng bata. Ayon sa pagsusuri ng doktor, tutukuyin kung maari o hindi ang pagbakuna. Ang resulta, sa oras na maari ang pagbakuna, gagawin ito matapos lagdaan ng magulang o tagapag-alaga. Sa araw ng pagpapabakuna, kung hindi maaring bakunahan sa mga kadahilanan tulad ng lagnat atbp., humingi ng muling pagbibigay ng medical questionnaire mula sa Health and Welfare center ng tinitirahang munisipyo, at magpapabakuna sa ibinigay na petsa ng institusyon.

4 副反応が起こった場合

4 Sa kaso ng pagkakaroon ng side effect

予防接種を受けたあと、接種部位のひどい腫れ、高熱、けいれんなどの症状がある時は、速やかに医師の診察を受けてください。

Kung magkaroon ng matinding pamamaga sa bahaging binakunahan, o mataas na lagnat, o kumbulsiyon at iba pang sintomas matapos mabakunahan, agad magpatingnan sa doktor.

5 予防接種健康被害救済制度について

5 Tungkol sa Relief System for Injury to Health with Vaccination

予防接種は感染症を防ぐために重要なものですが、極めてまれに健康被害の発生がみられます。万が一、定期の予防接種による健康被害が発生した場合、その健康被害が接種を受けたことによるものであると厚生労働大臣が認定した時は救済給付が行われます。給付の申請には、予防接種を受ける前後のカルテなど必要となる書類がありますので、申請する場合

は保健福祉センターにご相談ください。

Ang pagpapabakuna ay mahalaga sa pag-iwas sa paghawa ng sakit, ngunit sa napakabihirang pagkakataon ay nakikita ang pagsira nito sa kalusugan. Kung sakaling magkaroon ng hindi inasahang pinsala sa kalusugan dahil sa regular na pagpapabakuna, magbibigay ng tulong pinansyal sa oras na matiyak ng Ministry of Health, Labour and Welfare na iyong pinsala ay dahil sa pagpapabakuna. Sa pag-aplay ng pagbibigay nito, dahil kakailanganin ang medical card, atbp. na ibibigay bago o matapos ang pagpapabakuna, sumangguni sa Health and Welfare center kung mag-aaplay nito.

6 予防接種の対象となる病気及びワクチンと副反応

6 Mga sakit na babakunahan, mga bakuna at side effect nito

(1) 肺炎球菌による感染症

(1) Impeksiyon mula sa pneumococcus (bakteryang)

子どもが多くが肺炎球菌を鼻の奥にもっていて、咳やくしゃみなどによってまわりに感染させます。免疫力の低下などにより、菌が体内に侵入すると症状が出ます。重症の場合、髄膜炎、敗血症、肺炎、中耳炎を起こします。肺炎球菌による感染症は5歳未満の乳幼児に多く、特に2歳未満の乳幼児がかかると死亡や、後遺症のリスクが高いと言われています。髄膜炎にかかると2%の子どもが亡くなり、10%に発達や運動障がい、難聴などの後遺症が残ると言われています。

Ang karamihan ng mga bata mayroong pneumococcus sa loob ng kanilang ilong, at sa pag-ubo at pagbahing ay makakahawa ng mga nasa paligid. Sa paghina ng imyunidad, lalabas ang mga sintomas kapag nakapasok ang bakteryang sa loob ng katawan. Sa malalang kaso, maaring magdulot ito ng meningitis, sepsis, pulmonya, o otitis media. Karamihan ng impeksiyon mula sa pneumococcus ay sa mga sanggol at bata na wala pang 5 taong gulang, at sinasabing lalo na kung mahawahan ang wala pang 2 taong gulang na sanggol o bata ay maari nitong ikamatay, o mataas ang panganib na magkaroon ng epekto sa kalaunan. Sinasabi ring sa mga nagkakaroon ng meningitis ay 2% ng mga bata ay namamatay, at 10% ay naiiwanan ng epekto nito tulad ng problema sa pag-iisip o pagkilos, kahirapan sa pandinig, at iba pa.

【小児用肺炎球菌ワクチン】

PEDIATRIC PNEUMOCOCCAL CONJUGATE VACCINE

ワクチン接種により、重篤な肺炎球菌感染症にかかるリスクを95%以上減らすことができると報告されています。

Naiulat na sa pagbabakuna nito, maaring maibaba nito ng 95% o higit pa ang panganib ng pagkakaroon ng malubhang sakit mula sa pneumococcus.

【接種スケジュール】

ISKEDYUL NG PAGBABAKUNA

接種を開始する月齢（年齢）により接種回数が1～4回と異なります。

Ang dami ng beses ng pagpapabakuna ay 1-4 depende sa buwan (o taon) ng pagsisimula nito.

接種開始時期 Simula ng pagbabakuna	回数 Beses	接種間隔 Pagitan ng pagpapabakuna
<p>生後2～7か月に至るまで 2-7 buwan matapos isilang</p> <p>※標準的な接種年齢 *Karaniwang edad sa pagpapabakuna</p>	<p>4回 4 bese</p>	<p>初回接種：(標準的には生後12か月までに)27日以上の間隔をあけて3回 追加接種：初回接種終了後60日以上の間隔をあけた後、かつ生後12か月に至った日以降に1回(標準的な接種期間は生後12～15か月) ※初回2回目及び3回目の接種は生後24か月に至るまでに行い、それを超えた場合は行わない。(追加接種は実施可能) ※初回2回目の接種が生後12か月を超えた場合、初回3回目の接種は行わない。(追加接種は実施可能)</p> <p>Unang bakuna：(karaniwang hanggang 12 buwan matapos isilang) magbigay ng 27 araw o higit pa, 3 beses Dagdag bakuna：60 araw o higit pa matapos ang unang bakuna AT sa araw na mag-12 buwan o higit pa, 1 beses (karaniwang panahon ay 12-15 buwan matapos isilang)</p> <p>*Ang unang ika-2 at 3 beses ng pagpapabakuna ay gagawin hanggang sa 24 buwan matapos isilang, paglampas nito ay hindi na maari. (Ngunit maari ang dagdag na bakuna) *Kung ang unang ika-2 beses ng pagpapabakuna ay ginawa 12 buwan matapos isilang, hindi na kailangan gawin ang unang ika-3. (Ngunit maari ang dagdag na bakuna)</p>
<p>生後7～12か月に至るまで 7 -12 buwan matapos isilang</p>	<p>3回 3 beses</p>	<p>初回接種：(標準的には生後12か月までに)27日以上の間隔をあけて2回 追加接種：初回接種終了後60日以上の間隔をあけた後、かつ生後12か月に至った日以降に1回 ※初回2回目の接種は生後24か月に至るまでに行い、それを超えた場合は行わない。(追加接種は実施可能)</p> <p>nang bakuna：(karaniwang hanggang 12 buwan matapos isilang) magbigay ng 27 araw o higit pa, 2 beses Dagdag bakuna：60 araw o higit pa matapos ang unang bakuna</p>

		AT sa araw na mag-12 buwan o higit pa, 1 beses *Ang unang ika-2 beses ng pagpapabakuna ay gagawin hanggang sa 24 buwan matapos isilang, paglampas nito ay hindi na maari. (Ngunit maari ang dagdag na bakuna)
生後 12~24 か月に至るまで 12-24 buwan matapos isilang	2 回 beses	60 日以上の間隔をあける Magbigay ng 60 araw o higit pang pagitan
生後 24~60 か月に至るまで 24-60 buwan matapos isilang	1 回 1 beses	

【副反応】

SIDE EFFECT

接種部位の発赤、腫れ、しこり、発熱などがみられることがありますが、1~3 日で自然に回復します。極めてまれに、ショック、アナフィラキシー、けいれんなどがあります。

Pamumula, pamamaga, pagbukol ng bahaging binakunahan, lagnat, at iba pa ay mapapansin, ngunit kusa itong gagaling sa 1-3 araw. Sa napakabihirang pagkakataon, maaring magkaroon ng pagkabigla, anapilaksis, kumbulsiyon, at iba pa.

(2) B 型肝炎

(2) Hepatitis B

B 型肝炎ウイルスに感染しておこる肝臓の病気です。ウイルスに汚染された血液や体液などを介して感染します。感染した時期や健康状態によって、一時的な感染で終わるものと、ほぼ生涯にわたり感染した状態が続くものとに分かれます。10~15%は感染から年月を経て慢性肝炎となり、その後、肝硬変・肝細胞がんを発症することがあります。

Ito ay isang karamdaman sa atay dulot ng impeksiyon sa Hepatitis B virus. Nakukuha ito sa pamamagitan ng kontaminado ng virus na dugo o likido mula sa katawan. Depende sa panahon ng pagkahawa at kalagayan ng kalusugan, nahahati ito pagtatapos sa panandaliang pagkahawa, o patuloy na kundisiyong nahawahan na nagtatagal halos buong buhay. Sa 10-15% na kaso, matinding pamamaga ng atay malipas ang buwan o taon mula sa pagkahawa, pagkatapos ay pagkakaroon ng sirosis/kanser sa atay.

【B 型肝炎ワクチン】

BAKUNA SA HEPATITIS B

40 歳までのワクチン接種で抗体獲得率は 95%と報告されており、抗体を獲得した場合、肝炎発症の予防効果は 30 年以上続くといわれています。

Naiulat na ang antas ng pagkakaroon ng panlaban ng katawan ay 95% kapag nabakunahan

bago mag-40 taong gulang, at sinasabing pagnakaron na ng panlaban ang katawan, ang epekto sa pag-iwas sa paglabas ng pamamaga ng atay ay tutuloy hanggang 30 taon.

【接種スケジュール】

ISKEDYUL NG PAGBABAKUNA

生後1歳に至るまでに、27日以上の間隔をあけて2回接種後、1回目の接種から139日以上の間隔をおいて3回目を接種します。

1回目から3回目の接種を終えるまで約半年間かかるため、生後2か月から生後9か月に至るまでの標準的な接種年齢に接種し、1歳になる前に3回の接種を終えるようにしましょう。

Hanggang 1 taon matapos isilang, magpabakuna ng 2 beses na may pagitan ng 27 araw o higit pa, at ang ika-3 beses 139 araw o higit pa matapos ang unang pagpapabakuna.

Dahil aabot ng halos kalahating taon mula sa ika-1 beses hanggang ika-3 beses, karaniwang edad ng pagpapabakuna ay 2 – 9 buwan matapos isilang, at siguraduhin nating matapos ang 3 beses ng pagpapabakuna bago mag-1 taong gulang ang bata.

【副反応】

SIDE EFFECT

倦怠感や頭痛及び接種部位の発赤、腫れ、しこりが約10%にみられます。極めてまれに、アナフィラキシー、急性散在性脳脊髄炎などがあります。

Mapapansin ang pagkahapo, pagsakit ng ulo at pamumula, pamamaga, pagbukol ng bahaging binakunahan sa 10% ng kaso. Sa napakabihirang pagkakataon, maaring magkaroon ng anapilaksis, acute disseminated encephalomyelitis, at iba pa.

【接種にあたっての注意】

MGA DAPAT INGATAN SA PAGPAPABAKUNA

母子感染予防のためB型肝炎ワクチン接種を含む治療を受けたことがあるお子さんは、定期接種の対象となりません。

B型肝炎ワクチンは酵母由来のため、酵母に対するアレルギーに注意が必要です。接種後に発熱、発疹、じんましん、かゆみなどが現れることがあり、よく観察することが必要です。

Para sa mga bata na nakatanggap ng paggamot na may kasamang pagbakuna sa Hepatitis B upang maiwasan ang pagkahawa ng ina at anak, hindi na kailangan ng regular na pagpapabakuna.

Dahil ang Hepatitis B vaccine ay ginawa mula sa lebadura, kailangan ng pag-iingat ng mga may alerhiya dito.

Maaring lumabas ang lagnat, pamumula, malalaking pantal, pangangati, atbp. at kailangan din itong pagmasdang mabuti.

(3) ロタウイルス感染症

(3) Impeksiyon ng Rotavirus

ロタウイルス胃腸炎は乳幼児期にかかりやすい急性胃腸炎です。感染力が非常に強く、手洗いや消毒などをしっかりしても感染を予防することが難しいため、5歳までにほとんどの子どもが感染します。ロタウイルス胃腸炎の多くは突然のおう吐、発熱に続き下痢を認めます。ロタウイルス自体に効く薬はありませんが、ほとんどの場合は1週間ほどで自然に回復します。重症化すると脱水症状や、けいれん、腎不全、脳炎などをまれに合併することがあります。初めての感染は特に重症化しやすいので、できるだけ早くワクチン接種を完了し、重症化を予防しましょう。

Ang gastroenteritis rotavirus ay ang matinding pananakit ng sikmura na madaling makuha ng mga sanggol at bata. Dahil ang pagkalat nito ay napakatindi at mahirap ang pag-iwas dito kahit maghugas ng kamay o magdisimpekta, ito ay naipapasa sa halos lahat ng bata hanggang 5 taong gulang. Ang karamihan sa mayroong impeksiyon ay natitiyak sa biglaang pagsusuka, na tutuloy sa lagnat at pagdurumi. Kahit walang gamot laban sa mismong rotavirus, sa halos lahat ng kaso, gagaling ng kusa ang bata sa loob ng 1 linggo. Kapag ang impeksiyon ay lumala, maaring may kasamang pagkakulang ng tubig sa katawan, kumbulsiyon, paghina ng bato, pamamaga ng utak, at iba pa. Dahil madali ang paglala ng impeksiyon sa unang pagkahawa, kumpletuhin ang pagpapabakuna sa lalong madaling panahon at iwasan natin ang paglala nito.

【ロタウイルスワクチン】

ROTAVIRUS VACCINE

経口の生ワクチンです。ロタリックスとロタテックがあります。どちらか1種類を接種してください。2種類とも予防効果や安全性に差はありません。

Ito ay isang live vaccine na pinapainom. Mayroong Rotarix at RotaTeq na bakuna. Magpabakuna ng isa sa dalawang ito. Ang parehong bakuna ay walang pinagkaiba sa epekto sa pag-iwas at sa kaligtasan.

【接種スケジュール】

ISKEDYUL NG PAGBABAKUNA

①ロタリックス

出生6週0日後から初回接種を開始し、27日以上の間隔をおいて生後24週0日後までの間に2回経口接種します。

①Rotarix

Ang unang pagpapabakuna ay simulan matapos ang 6 linggo at 0 araw mula pagkasilang, magbigay ng pagitan na 27 araw o higit pa, at magpabakuna ng 2 beses bago ang ika-24 linggo at 0 araw mula pagkasilang.

②ロタテック

生後 6 週 0 日後から初回接種を開始し、27 日以上の間隔をおいて生後 32 週 0 日後までの間に 3 回経口接種します。

ワクチンの種類によって接種回数が異なりますが、標準的な接種スケジュールとして、初回接種は生後 2 か月から出生 14 週 6 日後までに完了してください。

②RotaTeq

Ang unang pagpapabakuna ay simulan matapos ang 6 linggo at 0 araw mula pagkasilang, magbigay ng pagitan na 27 araw o higit pa, at magpabakuna ng 3 beses bago ang ika-32 linggo at 0 araw mula pagkasilang.

Ang bilang ng beses ng pagpapabakuna ay mag-iiba depende sa bakuna, ngunit bilang karaniwang iskediyul, ang unang beses ay dapat kumpletuhin sa pagitan ng 2 buwan hanggang 14 linggo at 6 araw mula pagkasilang.

【接種にあたっての注意】

MGA DAPAT INGATAN SA PAGPAPABAKUNA

接種前に授乳に関する制限はありませんが、接種後の吐き出しを避けるために接種前 (30 分以内) は授乳を控えることをおすすめします。

ロタウイルスワクチンは、重症複合免疫不全症 (SCID) の方への接種ができません。SCID は生まれつきの免疫の異常により、感染症にかかりやすくなるまれな病気です。慢性の下痢、繰り返す重症感染症、体重増加不良などの症状がみられる場合は注意が必要です。大阪市は国の実証事業 (令和 6 年 3 月開始～令和 8 年 3 月終了予定) に参加しており、SCID は生後 4 から 6 日目の赤ちゃんを対象に行う新生児マススクリーニング検査で調べることができます。詳しくは分娩取扱医療機関等にお問い合わせください。

※ロタウイルスワクチン接種にあたり、SCID の検査は必須ではありません。

Hindi pinagbabawal ang pagpapasuso bago ang pagbabakuna, ngunit inirerekomenda na iwasan ito (30 minuto) bago ang pagbabakuna upang maiwasan ang maaring pagsusuka pagkatapos mabakunahan.

Ang rotavirus vaccine ay hindi maaaring ibigay sa mga taong may Severe Combined Immunodeficiency (SCID). Ito ay isang bihirang sakit kung saan dahil sa abnormalidad ng panlaban ng katawan (immune system) mula kapanganakan, ay madaling mahawahan ng sakit. Kailangan ng pag-iingat kung may mga sintomas tulad ng malalang pagdurumi, paulit-ulit na paglala ng sakit, o hindi tamang pagbigat ng timbang. Kasali ang Lungsod ng Osaka sa

programa ng pambansang pagsusuri (Marso 2024 hanggang Marso 2026), kung saan maaaring masuri ang SCID sa pamamagitan ng mass screening test ng mga bagong silang na 4 - 6 na araw pa lamang. Para sa detalye, makipag-ugnayan sa inyong sa inyong ospital, atbp.
*Ang pagsusuri para sa SCID ay hindi kinakailangan sa pagpapabakuna ng rotavirus vaccine.

【予防接種を受けた後の注意】

MGA DAPAT INGATAN MATAPOS ANG PAGPAPABAKUNA

接種後、吐き出してしまっても、わずかでも飲み込んでいれば、再接種の必要はありません。

接種を受けてから 1～2 週間は腸重積症のリスクが通常より高まるという研究報告があります。主な症状は「突然激しく泣く」「機嫌がよかったり不機嫌になったりを繰り返す」「嘔吐する」「イチゴゼリー状の血が混ざったねっとりとした便が出る」「ぐったりして顔色が悪い」などです。症状がひとつでもみられる場合やいつもと様子が違う場合は速やかに医療機関を受診してください。

ワクチン接種後 1 週間ほどは便中にウイルスが含まれることがあります。おむつ交換後は流水と石けんでていねいに手洗いをしてください。

Kung nasuka matapos ang pagpapabakuna, hindi kailangang ulitin ito kung nakainom kahit kaunti nito.

May mga ulat ng pagsasaliksik na ang panganib ng intussusception ay tumataas sa karaniwan 1-2 linggo matapos na mabakunahan. Ang mga pangunahing sintomas ay 'biglaan na matinding pag-iyak', 'paulit-ulit na pagbabago ng kalagayan', 'pagsusuka', 'pagdumi ng may dugong parang strawberry jelly at malagkit', 'pagiging matamlay at maputlang mukha', atbp. Kung may mapansin na kahit isa sa mga sintomas na ito, may kakaiba sa kalagayan, agad na kumunsulta sa isang institusyong medikal.

Maaring may virus pa sa dumi ng bata, mga 1 linggo matapos mabakunahan. Kaya pagkatapos magpalit ng diaper, hugasan nang mabuti ang mga kamay gamit ang tubig at sabon.

*腸重積症とは

*Ano ang intussusception?

腸が腸に入り込み閉塞状態になることです。0 歳児の場合、ロタウイルスワクチンを接種しなくても起こる病気で、生後 3～4 か月から月齢が上がるにつれて多くなります。この時期と重ならないようにするためにも、このワクチンは早く接種を完了してください。腸重積症は手術が必要になることもありますが、発症後、早く治療すれば、ほとんどの場合は手術をせずに治療できます。

Ito ay ang kondisyon kung saan ang isang bahagi ng bituka ay pumapasok sa taas na bahagi nito, at nagdudulot ng pagbara. Sa mga sanggol na walang 1 taong gulang, maaari itong

mangyari kung hindi nabakunahan ng rotavirus vaccine, at karaniwang dinadala ito mula 3-4 buwan pagkasilang hanggang sa paglaki. Upang maiwasan na rin ang panahong ito, agad kumpletuhin ang pagpapabakuna nito. Kahit maaaring mangailangan ng operasyon ang kondisyong ito, sa maagap na pagpapagamot mula sa impeksiyon nito, karamihan sa mga kaso ay nagagamot nang hindi kailangang operahan.

【副反応】

SIDE EFFECT

下痢、嘔吐、ぐずり、咳・鼻水、発熱などが出る場合がありますが、通常は数日でおさまります。高熱やけいれんなどの異常や、腸重積症の症状がある場合は医療機関で受診してください。

Maaaring may pagdurumi, pagsusuka, pag-iiyak, ubo/sipon, lagnat atbp. matapos mabakunahan, ngunit karaniwang nawawala ito sa loob ng ilang araw. Kung may mataas na lagnat, kumbulsiyon, atbp. o sintomas ng intussusception, kumunsulta sa institusyong medikal.

(4) ジフテリア・百日せき・破傷風・ポリオ（急性灰白髄炎）・ヒブ

(4) Dipterya, ubong-dalahit, tetano, polyo (acute poliomyelitis), at Hib

◎ジフテリア

ジフテリア菌が含まれた咳やくしゃみなどの飛沫を吸い込み、咽頭、鼻に感染します。症状は高熱、喉の痛み、犬が吠えるような咳、嘔吐などです。発症 2~3 週間後には心筋障がいや神経麻痺をおこすことがあります。

◎Dipterya

Ito ay impeksiyon sa lalamunan at ilong mula sa paglanghap ng mga patak mula sa ubo o bahing na kontaminado ng bakteryang dipterya. Ang mga sintomas ay mataas na lagnat, pananakit ng lalamunan, ubong parang tahol ng aso, pagsusuka, atbp. Malipas ang 2-3 linggo mula sa pagkahawa, maaaring magdulot ito ng problema sa puso (myocarditis), ugat (neuropathy), atbp.

◎百日せき

百日せき菌を含む咳やくしゃみなどの飛沫を吸い込むことで感染します。感染してから症状が出るまでの期間は 7~10 日です。百日せきは風邪のような症状ではじまり、咳がひどくなり、顔をまっ赤にして連続的に咳込むようになります。咳の後、急に息を吸い込むので笛を吹くような音がでることがあります。乳幼児は咳で呼吸ができず、くちびるが青くなったり、けいれんを起こすこともあります。

合併症としては肺炎や脳症があり、新生児や乳児がかかると重症となり、生後 6 か月未満

で発症すると亡くなってしまうこともあります。

◎Ubong-dalahit

Ito ay impeksiyon mula sa paglanghap ng mga patak mula sa ubo o bahing na kontaminado ng bakteryang *B. pertussis*. Ang mga sintomas ay karaniwang lumalabas 7-10 araw mula sa pagkahawa. Ito ay nagsisimula sa sintomas na parang sipon, pagtindi ng pag-ubo, pamumula ng mukha at tuluy-tuloy na pag-ubo. Pagkatapos umubo, dahil sa biglaang paghinga, maririnig ang tunog na parang sipol. Sa mga sanggol at bata, maaring hindi makahinga sa kaka-ubo, pamumutla (pagiging kulay asul) ng labi, o kumbulsiyon.

Bilang komplikasyon ay maaaring magkaroon ng pulmonya o sakit sa utak, maaring lumala kapag ito ay nakuha ng mga bagong silang at sanggol, at maaaring magdulot ng kamatayan kung mahawahan bago ang ika-6 na buwan.

◎破傷風

破傷風は人から人に感染するのではなく、土の中にいる菌が傷口から入ることで感染します。軽い傷でも感染することがあります。感染すると菌の出す毒素で口が開かなくなったり、けいれんを起こしたり、呼吸筋が麻痺して呼吸ができなくなったりすることがあります。

日本中のどこにでも破傷風菌はいますので、毎年 100 人以上の患者が発生しています。

◎Tetano

Ang tetano ay hindi naipapasa ng tao sa tao, ngunit ito ay impeksiyon mula sa pagpasok ng bakterya mula sa lupa sa sugat. Kahit maliliit na sugat ay maaaring magkaroon ng impeksiyon. Kapag naimpekta, ang lason na galing sa bakterya ay maaaring magdulot ng hindi pagbukas ng bibig, kumbulsiyon, o pagkaparalisa ng mga kalamnan gamit sa paghinga, na nagdulot ng hirap sa paghinga.

Ang bakteryang tetanus ay matatagpuan sa buong Japan, kaya bawat taon ay may mahigit sa 100 taong naiimpekta nito.

◎ポリオ（急性灰白髄炎）

ポリオウイルスは人から人へ感染します。便中に排泄されたウイルスが間接的に他の人の口から入り感染します。感染者の 90～95%は病気としての症状が出ずに終生免疫を獲得します。感染者の 5%は軽い発熱、頭痛、嘔吐があらわれ、1～2%には髄膜炎がみられます。ウイルスが脳・脊髄へ感染すると筋肉に麻痺をおこし、運動機能に後遺症を残したり呼吸困難で死亡したりすることもあります。

◎Polyo (acute poliomyelitis)

Ang poliovirus ay naipapasa ng tao sa tao. Ang impeksiyon ay mula sa inderektang pagpasok sa bibig ng isang tao ng virus mula sa dumi ng taong meron nito. 90-95% ng mga nahawahan ay walang sintomas na lumilitaw at nagkakaroon ang katawan ng panghabang buhay na

panlaban dito. Ang natirang 5% ay nagkaroon ng sinat, pagsakit ng ulo, at pagsusuka, habang 1-2% ay nakitang nagkaroon ng meningitis. Kung ang virus ay kumalat sa utak o kordon ng gulugod, maaari itong magdulot ng pagkaparalisa ng mga kalamnan, o mag-iwan ng epekto nito sa kalamnan o pagkalumpo, o magdulot ng pagkamatay dahil sa hirap sa paghinga.

◎ヒブによる感染症 (Hib)

ヒブは咳やくしゃみなどの飛沫を吸い込んで感染します。菌は鼻や喉で増えますが、そのほとんどは症状を起こしません。しかし、血液の中に入り込むと、細菌性髄膜炎や心膜炎、肺炎、敗血症などを起こします。

ヒブによる髄膜炎は、発熱、頭痛、嘔吐、けいれんなどの症状で始まり、重症化しやすく、治療しても予後不良となる場合があります。5歳未満の乳幼児に多く、治療を受けても約5%が亡くなり、約25%にてんかん・難聴・発育障がいなどの後遺症が残るといわれています。

◎Haemophilus influenzae type b (Hib)

Ito ay nakukuha mula sa paglanghap ng mga patak mula sa ubo o bahing. Ang bakteryang ay dumarami sa ilong o lalamunan, ngunit halos laging hindi nagsasanhi ng mga sintomas. Ngunit, kapag ito ay pumasok sa dugo, nagsasanhi ito ng meningitis at pericarditis, pulmonya, sepsis atbp.

Ang meningitis dulot ng Hib ay nagsisimula sa mga sintomas tulad ng lagnat, sakit ng ulo, pagsusuka, at kumbulsiyon, madali itong lumubha at may mga kaso na kahit ipagamot ay maaring hindi ito gumaling. Sinasabing kadalasan ito sa mga batang wala pang 5 taong gulang, at kahit na magpagamot, ang mga 5% ay namamatay, at ang mga 25% ay may natitirang epekto tulad ng epilepsiya, kapansanan sa paglaki, at problema sa pag-iisip.

【5種混合DPT-IPV-Hib [ジフテリア・百日せき・破傷風・ポリオ(急性灰白髄炎)・ヒブ]ワクチン】

5-IN-1 DTaP-IPV-Hib (DIPHTHERIA, TETANUS, ACCELLULAR PERTUSSIS, POLIO, HAEMOPHILUS INFLUENZAE TYPE B) VACCINE

国内の臨床試験では、初回3回の接種を受けた人はジフテリア、百日せき、破傷風、ポリオについてほぼ100%の抗体獲得が認められています。

Sa mga klinikal na pagsubok sa loob ng bansa, napatanuyang halos 100% ng mga nakatanggap ng unang 3 beses ng bakuna ay nakakuha ng mga panlaban ng katawan sa dipterya, ubong-dalahit, tetano, polyo.

【接種スケジュール】

ISKEDYUL NG PAGBABAKUNA

種類 Uri		回数 Beses	接種方法、間隔 Paraan at pagitan ng pagpapabakuna
1期 Unang yugto	初回 Una	3回 3 beses	20日以上（標準的には20日から56日まで）の間隔をあけて3回接種 Magbigay ng pagitan ng 20 araw o higit pa (karaniwan ay 20-56 araw), 3 beses
	追加 Dagdag	1回 1 beses	初回接種終了後6か月以上〔標準的には初回接種終了後6か月から18か月の間〕の間隔をあけて1回 6 buwan o higit pa matapos makumpleto ang unang bakuna [Karaniwan ay 6-8 buwan, 1 beses
2期 Ikalawang yugto		1回 1 beses	[使用ワクチン] DT (ジフテリア・破傷風) 11歳以上13歳未満で1回接種 [Gagamiting bakuna] DT (Diphtheria, Tetanus) 11 - 13 taong gulang, 1 beses

【副反応】

SIDE EFFECT

接種部位に、発赤、腫れ、しこり、全身的な副反応として発熱、下痢、鼻水、咳、発しん、食欲減退、咽頭発赤、嘔吐などがあります。

極めてまれに、ショック、アナフィラキシー、血小板減少性紫斑病、脳症、けいれんなどがあります。

Pamumula, pamamaga, pagbukol ng bahaging binakunahan, lagnat bilang reaksiyon ng buong katawan, pagdurumi, sipon, ubo, pamamantal, pagkawalan ng ganang kumain, pharyngitis at pagsusuka, atbp.

Sa napakabihirang pagkakataon, maaring magkaroon ng pagkabigla, anapilaksis, thrombocytopenic purpura, pamamaga ng utak, kumbulsiyon, atbp.

【ヒブワクチン】

VACCINE

ワクチン接種により、髄膜炎などの重篤なヒブの感染症にかかるリスクを95%以上減らすことができますと報告されています。

Naiulat na ang pagbabakuna ay nakakabawas ng higit sa 95% ng panganib ng pagkakahawa sa malubhang impeksyon ng Hib, tulad ng meningitis, atbp.

【接種スケジュール】

ISKEDYUL NG PAGBABAKUNA

接種を開始する月齢により接種回数が1～4回と異なります。

Ang dami ng beses ng pagpapabakuna ay 1-4 depende sa buwan/taon ng pagsisimula nito.

接種開始時期 Simula ng	回数 Beses	接種間隔 Pagitan ng pagpapabakuna
---------------------	-------------	----------------------------------

pagpapabakuna		
<p>生後2~7か月に至るまで 2-7 buwan matapos isilang</p> <p>※標準的な接種年齢 *Karaniwang edad sa pagpapabakuna</p>	<p>4回 4 beses</p>	<p>初回接種：27日（医師が必要と認める時は20日）以上（標準的には56日まで）の間隔をあけて3回 追加接種：初回接種終了後7か月以上（標準的には13か月まで）の間隔をあけて1回</p> <p>※初回2回目及び3回目の接種は、生後12か月に至るまでに行い、それを超えた場合は行わない。この場合、追加接種は可能であるが、初回接種終了後、27日（医師が必要と認めるときは20日）以上の間隔をあけて1回行う。</p> <p>Unang bakuna : magbigay ng pagitan na 27 araw (kailangan ayon sa doktor ay 20 araw) o higit pa (karaniwang hanggang 56 araw) , 3 beses</p> <p>Dagdag bakuna : magbigay ng 7 buwan o higit pa matapos makumpleto ang unang bakuna (karaniwan ay 13 buwan) , 1 beses</p> <p>*Ang unang ika-2 at 3 beses ng pagpapabakuna ay gagawin hanggang sa 12 buwan matapos isilang, paglampas nito ay hindi na maari. Maari ang dagdag na bakuna, ngunit magbigay ng pagitan na 27 araw o higit pa (kailangan ayon sa doktor ay 20 araw) pagkatapos ng unang bakuna, 1 beses.</p>
<p>生後7~12か月に至るまで 7-12 buwan matapos isilang</p>	<p>3回 3 beses</p>	<p>初回接種：27日（医師が必要と認める時は20日）以上（標準的には56日まで）の間隔をあけて2回 追加接種：初回接種終了後7か月以上（標準的には13か月まで）の間隔をあけて1回</p> <p>※初回2回目の接種は、生後12か月に至るまでに行い、それを超えた場合は行わない。この場合、追加接種は可能であるが、初回接種終了後、27日（医師が必要と認めるときは20日）以上の間隔をあけて1回行う。</p> <p>Unang bakuna : magbigay ng pagitan na 27 araw (kailangan ayon sa doktor ay 20 araw) o higit pa (karaniwang hanggang 56 araw) , 2 beses</p> <p>Dagdag bakuna : 7 buwan o higit pa matapos ang unang bakuna (karaniwan ay hanggang 13 buwan) , 1 beses</p> <p>* Ang unang ika-2 beses ng pagpapabakuna ay gagawin hanggang sa 12 buwan matapos isilang, paglampas nito ay hindi na maari.</p>

		Maari ang dagdag na bakuna, ngunit magbigay ng pagitan na 27 araw o higit pa (kailangan ayon sa doktor ay 20 araw) pagkatapos ng unang bakuna, 1 beses.
生後 12~60 か月に至るまで 12-60 buwan matapos isilang	1回 1 beses	

【副反応】

SIDE EFFECT

接種部位の発赤、腫れ、しこり、発熱、不機嫌になる、などがみられますが、数日中には回復します。極めてまれに、ショック、アナフィラキシー、血小板減少性紫斑病、けいれんなどがあります。

Pamumula, pamamaga, pagbukol ng bahaging binakunahan, lagnat, pagkawala ng sigla ay mapapansin, ngunit gagaling ito sa loob ng ilang araw.

Sa napakabihirang pagkakataon, maaring magkaroon ng pagkabigla, anapilaksis, thrombocytopenic purpura, kumbulsiyon, atbp.

(5) 結核

(5) TB (Tuberculosis)

たんの中に結核菌をもつ患者が、咳・くしゃみをした時に、菌が空気中に飛び散り、これを吸い込むことによって感染します。結核菌が身体の中に入ってもほとんどの人は無症状です。過労や病気などで抵抗力が弱ってくると発病することがあります。乳幼児が大量の菌を一度に吸い込むと、肺だけでなく全身性の結核にかかったり、重い後遺症を残したりすることがあります。

結核の患者数は以前よりも大幅に減少したものの、現在でも患者の発生はあり、決して過去の病気ではありません。

Ito ay nakukuha mula sa paglanghap ng hangin na nagkalat ang bakterya, sa oras na umubo o bumahing ng isang taong may bakterya ng tuberculosis sa kanyang plema.

Karamihan sa mga taong kahit napasukan ng bakterya ng tuberculosis sa katawan, ay walang mga sintomas. Maaaring magkaroon nito sa paghina ng resistensya dahil sa sobrang pagtatrabaho o pagkasakit. Kung ang sanggol o bata ay makalanghap ng maraming bakterya sa isang beses, hindi lamang ito kakalat sa baga kung hindi pati sa buong katawan, at maaari silang maiwanan ng matinding epekto. Kahit na ang bilang ng nahawahan ng tuberculosis ay bumaba nang malaki kumpara sa nakaraan, may mga nahahawa pa rin sa kasulukuyan, kaya hindi ito isang sakit ng nakaraan.

【BCGワクチン】

BCG VACCINE

生ワクチンです。

BCGワクチンをスポイトで腕におとし、スタンプ方式で2か所に押しつけるように接種します。

接種により、結核の発症を52~74%、重篤な髄膜炎や全身性の結核の発症を64~78%予防し、一度接種すればその効果は10~15年程度続くと考えられています。

Ito ay isang live vaccine.

Ito ay ibinibigay sa pamamagitan ng pagpatak sa braso, at pagdiin sa dalawang lugar gamit ang pantatak.

Depende sa bakuna, pinipigilan ng nito ang pagsisimula ng tuberkulosis ng 52-74%, ang pagsisimula ng malubhang meningitis at tuberkulosis sa buong katawan ng 64-78%, at kapag nabakunahan nang isang beses ay tutuloy ang bisa nito ng mga 10-15 taon.

【接種スケジュール】

ISKEDYUL NG PAGBABAKUNA

生後1歳に至るまで、標準的には生後5か月から8か月に達するまでの間に1回接種します。

Ito ay karaniwang ibinibigay nang 1 beses sa pagitan ng 5 at 8 buwan pagkasilang hanggang bago mag-isang taong gulang.

【接種にあたっての注意】 ※詳しくは医療機関の指示に従ってください

MGA DAPAT INGATAN SA PAGPAPABAKUNA *Para sa detalye, sundan ang tagubilin ng institusyong medikal

- ①保護者の髪やマフラー等が接種部位に触れないようにします。
- ①Iwasang madikit ang buhok o muffler ng magulang/tagapag-alaga sa bahaging binakunahan.
- ②接種する側の腕が露出しやすいような服装にします。服を脱がせる可能性もあります。
- ②Bihisan ng damit na madaling ilabas ang brasong babakunahan. Maari ring ipahubad ang damit.
- ③接種時にお子さんが動かないように固定します。
- ③Ipirmi na huwag gagalaw ang bata sa oras ng pagbakuna.
- ④接種後は接種液が自然に乾燥するまで医療機関内で待機します。待機中は接種部位に手や服が触れないよう注意し、出血をふきとったり、もんだりしないでください。
- ④Pagkatapos mabakunahan, maghintay sa loob ng institusyong medikal hanggang sa kusang matuyo ang bakuna. Habang naghihintay, ingatang hindi hawakan o dumikit ang damit sa bahaging binakunahan, huwag punasan ang pagdurugo o pisilin ito.

【接種後の通常の経過】

KARANIWANG PAGBABAGO MATAPOS MABAKUNAHAN

BCG接種後2週間頃に針のあとが赤く膨らみ、接種後4～6週間頃に最も赤くなります。膿を持ったり、浸出液がでることがありますが、針のあとをこすったり、絆創膏を貼ったりせずに清潔に保ってください。接種後2～3か月で針のあとがかさぶたになり、かさぶたがとれた後は痕が残ります。針のあとの赤みは少しずつ薄くなり、接種後1年くらいで目立たなくなります。

Ang marka ng karayom ay mamumula at mamamaga 2 linggo pagkatapos tumanggap ng bakuna ng BCG, at mas lalo pa itong mamumula pagkatapos ng 4 - 6 na linggo. Maaaring magkanana o labasan ng likido, ngunit huwag kuskusin ang marka ng karayom o lagyan ng benda, at panatilihin itong malinis. 2 - 3 buwan pagkatapos mabakanuhan, bubuo ang langib sa marka ng karayom, at pagkatapos nitong matanggal, maiiwan ang isang peklat. Ang pamumula ng marka ng karayom ay unti-unting kukupas at pagkatapos ng mga 1 taon mula sa pagkabakuna ay hindi na gaanong kapansinpansin.

【コッホ現象】

KOCH'S PHENOMENON

BCG接種後、通常よりも早い時期（10日以内、多くは2～3日後）に接種した場所が赤く腫れたり、膿を持つことがあります。これをコッホ現象といいます。この現象はすでに結核に感染している子どもがBCG接種を受けた場合にみられる反応です。コッホ現象と思われる反応がみられた場合には、結核感染の確認のために必要な検査などを行いますので、必ず、すみやかに接種を受けた医療機関へ相談してください。

Pagkatanggap ng bakuna ng BCG, ang bahaging binakunahan ay mamumula at mamamaga, o magkakanana nang mas maaga sa karaniwan (sa loob ng 10 araw, kadalasan pagkalipas ng 2-3 araw). Ito ay tinatawag na Koch's phenomenon. Ang hindi pangkaraniwang reaksiyon na ito ay makikita kapag ang bata ay nahawaan ng tuberkulosis at tumanggap ng bakuna ng BCG. Kung tingin mo na ang reaksiyon ay mukhang Koch's phenomenon, dahil ang mga kailangang pagsusuri ay isasagawa upang kumpirmahin ang impeksyon ng tuberkulosis, sumangguni agad sa institusyong medikal kung saan nagpabakuna.

【副反応】

SIDE EFFECT

1%以下の割合で、接種後4～6週間目に接種した側のわきのリンパ節が腫れることがあります。通常は自然になおるのでそのまま様子を見てかまいません。3 cm以上の大きさに腫れ

たり、化膿して自然にやぶれて膿が出たりした時は、接種を受けた医療機関へ相談してください。極めてまれにアナフィラキシー、BCG感染症（髄膜炎、骨炎など）などがみられません。

Sa 1% at pababa ng mga kaso, ang mga kulani (lymph node) ay maaaring bumukol sa kilikili malapit kung saan binakunahan 4 - 6 linggo pagkatapos nito. Kadalasan ay natural itong gagaling, kaya pagmasadan lamang. Kung ang laki ng pamamaga ay nasa 3 cm o higit pa, o kung ito nagnanana, kusang pumutok at lumabas ang nana, kumunsulta sa institusyong medikal kung saan nagpabakuna. Sa napakabihirang pagkakataon, maaring magkaroon ng anapilaksis, impeksiyon ng BCG (meningitis, osteitis, atbp.) at iba pa ay nakikita.

(6) 麻しん・風しん

(6) Tigdas/Tigdas-hangin (rubella)

◎麻しん

◎Tigdas

麻しんウイルスの空気感染（ウイルスが空気中に広がり、人に感染すること）、飛沫感染（咳やくしゃみなどにより感染すること）、接触感染によっておこる病気です。感染してから症状が出るまでの期間は10～12日で、感染力が強く、免疫のない人が感染するとほぼ100%かかる病気です。発熱、咳、鼻水、めやに、発しんを主な症状とします。最初3～4日間は38℃前後の熱が出ますが一時的に下がり、再び39～40℃の高熱と発しんが出ます。高熱は3～4日で解熱し、次第に発しんも消失します。発熱する1日前から解熱後3日までは他の人に感染させると言われています。

主な合併症としては、気管支炎、中耳炎、肺炎、脳炎があり、脳炎は1,000人に1～2人で、慢性に経過する脳炎(SSPE)は10万人に1～2人発生します。麻しんにかかった人は1,000人に1人の割合で死亡します。

Ito ay isang sakit na nakukuha sa pamamagitan ng hangin na kontaminado ng measles virus (kapag ang virus ay nakakalat sa hangin, at nakahawa ng tao), mga patak (kapag nahawa sa pamamagitan ng ubo o bahing, atbp.), at paghawak. Tumatagal ng 10 - 12 araw mula sa pagkahawa hanggang sa lumitaw ang mga sintomas, ito ay lubos na nakakahawa, at kapag nahawa ay halos 100% ng mga walang panlaban ang katawan dito ay nagkakasakit. Ang mga pangunahing sintomas nito ay lagnat, ubo, sipon, muta, at pamamantal. Sa unang 3 - 4 na araw ay magkakaroon ng lagnat na humigit-kumulang 38℃, ngunit ito ay pansamantalang bababa at pagkatapos ay tataaas ang lagnat nang 39 - 40℃ at mamamantal. Bababa ang mataas na lagnat sa loob ng 3 - 4 na araw, at kasunod ay unti-unti ring mawawala ang pamamantal. Sinasabing nakakahawa ito sa iba mula sa 1 araw bago nagkalagnat hanggang sa 3 araw matapos bumaba ang lagnat.

Ang pangunahing komplikasyon ay bronchitis, otitis media, pulmonya, at pamamaga ng utak,

na nangyayari sa 1 - 2 tao sa bawat 1,000 katao, at ang Subacute sclerosing panencephalitis (SSPE) ay nangyayari sa 1 - 2 sa tao bawat 100,000 katao. Ang 1 tao sa bawat 1,000 katao na bahagdan ay namamatay.

◎風しん

◎Tigdas-hangin (rubella)

咳やくしゃみにより風しんウイルスの飛沫を吸い込むことによりおこる病気です。感染してから症状が出るまでの期間は2~3週間です。軽い風邪症状で始まり、発しん、発熱、首や耳の下のリンパの腫れ、目の充血などを主な症状とします。

合併症として、関節痛、血小板減少性紫斑病、脳炎などが報告されています。年長児や大人になってからかかると一般的に重症化しやすいと言われています。

妊娠 20 週頃までの妊婦がかかると、先天性心疾患、白内障、難聴などの子どもが生まれる可能性が高くなります。そのため、女性は妊娠前に予防接種を受けておくことが大切です。また、男性も風しんにかかって周囲の妊婦に感染させないために、風しんの既往の確認や予防接種について考慮する必要があります。

Ito ay sakit na nakukuha sa paglanghap ng mga patak mula sa ubo o bahing na kontaminado ng rubellavirus. Tumatagal ng 2 - 3 linggo bago lumitaw ang mga sintomas matapos mahawa. Nagsisimula ito sa banayad na sintomas ng sipon, pagkatapos ay ang mga pangunahing sintomas tulad ng pamamantal, lagnat, pamamaga ng kulani (lymph node) sa leeg at ilalim ng mga tainga, at pamumula ng mga mata.

Bilang komplikasyon, naiulat ang pananakit ng kasukasuan, thrombocytopenic purpura, at pamamaga ng utak, atbp. Sinasabing kapag malaking bata o matanda ang nahawa rito ay mas madaling magkaroon ng mga malalang sintomas.

Kung ang isang buntis ay nahawahan hanggang sa ika-20 linggo ng pagbubuntis, may mataas ang panganib na ang kanyang anak ay ipanganak na may congenital heart disease, katarata, hirap sa pandinig, atbp. Kaya naman mahalagang magpabakuna ang mga babae bago sila magbuntis. At, dapat ding isaalang-alang ng mga lalaki ang pagsusuri sa kasaysayan ng impeksyon sa rubella at pagpapabakuna upang maiwasan ang makahawa sa mga buntis sa paligid.

【MR (麻しん・風しん) ワクチン】

MR (MEASLES/RUBELLA) VACCINE

生ワクチンです。ワクチンを接種するとおよそ 95% の人が抗体を獲得します。

Ito ay isang live vaccine. Kapag nagpabakuna, halos 95% ng tao ay nagkakaroon ng panlaban ang katawan.

【接種スケジュール】

ISKEDYUL NG PAGBABAKUNA

1 期は生後 12 か月から 24 か月までですが、1 歳になったらできるだけ早く接種しましょう。また、2 期は 5 歳以上 7 歳未満であって小学校就学前の 1 年間です。

お母さんが次の子どもを妊娠している時でも、お子さんは接種を受けることができます。

Ang ika-1 yugto ay tinatanggap mula 12 - 24 buwan pagkasilang, ngunit magpabakuna tayo sa lalong madaling panahon matapos ang sanggol ay maging 1 taong gulang. Ang ika-2 yugto ay nasa pagitan ng 5 at 7 taong gulang at 1 taon bago pumasok sa elementarya.

Maaari ring magpabakuna ang bata sa oras na ang ina ay nagbuntis na ng susunod na anak.

【接種にあたっての注意】

MGA DAPAT INGATAN SA PAGPAPABAKUNA

輸血又はガンマグロブリン製剤の投与を受けた人は、3 か月以上過ぎてから MR ワクチンを接種してください。血液又はガンマグロブリンに含まれる麻しんに対する抗体により、ワクチンの効果が弱くなる可能性があります。また、川崎病などの治療でガンマグロブリン製剤の大量療法 (200mg/kg 以上) を受けた人も同様の考え方で 6 か月以上 (麻しん感染の危険性が低い場合は 11 か月以上) 接種を延期してください。

Ang mga nakatanggap ng pagsasalin ng dugo o mga pagturok ng gamma globulin ay dapat maghintay ng hindi bababa sa 3 buwan bago tumanggap ng MR vaccine. Ito ay sapagkat ang epekto ng bakuna ay maaaring humina dahil sa mga panlaban ng katawan sa tigdas na nasa nilipat na dugo o gamma globulin. Bukod rito, ang mga taong nakatanggap ng mataas na dami ng gamma globulin (200 mg/kg o higit pa) para sa paggamot ng Kawasaki disease, atbp. ay dapat ring ipagpaliban ang pagpapabakuna ng 6 na buwan o higit pa (o 11 buwan at higit pa para sa mababa ang panganib ng pagkahawa sa tigdas) dahil sa parehong dahilan.

【副反応】

SIDE EFFECT

主な副反応は発熱と発しんです。1 回目の接種後 2 週間以内にみられますが、1~3 日で治ります。2 回目の接種では発熱や発しんの頻度は極めて低くなります。まれに脳炎や脳症が 100 万~150 万人に 1 人以下の頻度で起こることがあります。

Ang pangunahing side effect ay lagnat at pamamantal. Ang mga sintomas ay nakikita sa loob ng 2 linggo pagkatapos ng unang pagpapabakuna, ngunit gagaling sa loob ng 1 - 3 araw. Ang lala ng lagnat at pamamantal ay napakababa matapos ang ika-2 pagpapabakuna. Bihira ang pamamaga ng utak o encephalopathy, nangyaayari sa wala pang 1 tao sa 1 - 1.5 milyong tao.

(7) 水痘

(7) Bulutung tubig

水痘帯状疱疹ウイルスの空気感染（ウイルスが空気中に広がり、人に感染すること）、飛沫感染（咳やくしゃみなどにより感染すること）、接触感染によっておこる、感染力が強い病気です。感染してから症状がでるまでの期間は約 2 週間です。主な症状は発しん、発熱です。発しんは顔や胸、腹部、頭部に現れ、赤みから始まり、水疱、膿疱（粘度のある液体が含まれる）を経てかさぶたになり治癒します。一般に水疱の数は症状が出てから数日以内に 250~500 個以上に達します。発熱は通常 38°C前後で 2~3 日続きます。40°Cを超えることもあり、その際に熱性けいれんを合併することがあります。主な合併症としては、肺炎、気管支炎、肝炎、皮膚の細菌感染症、心膜炎、小脳炎、髄膜脳炎、血小板減少性紫斑病があります。

Ito ay isang sakit na nakukuha sa pamamagitan ng hangin na kontaminado ng varicella-zoster virus (kapag ang virus ay nakakalat sa hangin, at nakahawa ng tao), mga patak (kapag nahawa sa pamamagitan ng ubo o bahing, atbp.), at paghawak, at ito ay lubos na nakakahawa. Tumatagal nang mga 2 linggo mula sa pagkahawa hanggang sa lumitaw ang mga sintomas. Ang mga pangunahing sintomas nito ay pamamantal at lagnat.

Lumilitaw ang pantal sa mukha at dibdib, tiyan, ulo, nagsisimula bilang pamumula, pagkatapos ay magiging mga paltos at burog (naglalaman ng malapot na likido), na susundan ng pagbuo ng langib at gagaling. Karaniwan ang bilang ng mga paltos ay umabot sa 250-500 o higit pa sa loob ng ilang araw matapos ang paglabas ng mga sintomas. Ang lagnat ay karaniwang nasa humigit-kumulang 38°C at tumatagal ng 2 - 3 araw. Ang lagnat ay maaring lumampas ng 40°C, na maaaring magresulta sa komplikasyon tulad ng febrile seizure. Kabilang sa mga pangunahing komplikasyon ang pulmonya, bronchitis, hepataytis, impeksiyon ng balat, pericarditis, cerebellitis, meningoencephalitis, at thrombocytopenic purpura.

【水痘ワクチン】

CHICKENPOX VACCINE

生ワクチンです。接種した人の 90%以上が抗体を獲得するといわれています。副反応が極めて少ないワクチンです。

Ito ay isang live vaccine. Sinasabing ang halos 90% ng taong nagpabakuna ay nagkakaroon ng panlaban ang katawan. Ang bakunang ito ay may napakaunting side effect.

【接種スケジュール】

ISKEDYUL NG PAGBABAKUNA

生後 3 歳に至るまでに、1 回目の接種は標準として、生後 12 か月から 15 か月に至るまでの間に行い、1 回目の接種後 3 か月以上あけて（標準的には 6 か月から 12 か月までの間に）

2 回目を行います。

Ang unang pagpapabakuna ay karaniwang tinatanggap sa pagitan ng 12 at 15 buwan pagkasilang, bago umabot sa 3 taong gulang, at ang ikalawang pagbabakuna ay karaniwang tinatanggap matapos ang hindi bababa sa 3 buwan matapos ang unang pagpapabakuna (karaniwan ay nasa pagitan ng 6 at 12 buwan).

【副反応】

SIDE EFFECT

主な副反応は接種部位の発赤や腫れ、発熱、発しんです。まれに接種直後から翌日にかけて発しん、じんましん、紅斑、痒み、発熱などがおこり、通常は数日中に消失します。極めてまれに、アナフィラキシー、血小板減少性紫斑病などがあります。

Ang pangunahing side effect ay pamumula at pamamaga ng bahaging binakunahan, lagnat at pamamantal. Bihira, maaring magkaroon ng pamamantal, malalaking pantal, pamumula, pangangati at lagnat, at karaniwang mawawala din sa mga susunod na araw. Sa napakabihirang pagkakataon. At sa napakabihirang pagkakataon, maaring magkaroon ng anapilaksis, thrombocytopenic purpura atbp.

(8) 日本脳炎

(8) Japanese encephalitis

人から人に直接感染するのではなく、ブタなどの体内で日本脳炎ウイルスが増えた後、そのブタを刺した蚊が人を刺すことによって感染します。感染してから症状がでるまでの期間は6~16日です。感染者のほとんどが無症状ですが、100~1,000人に1人が脳炎症状を発症すると言われています。高熱、頭痛、嘔吐、意識障がい、けいれんなどの症状を起こすと20~40%は亡くなると言われています。

Ito ay hindi direktang nakukuha mula tao sa tao, at sa halip ay matapos dumami ang Japanese encephalitis virus sa katawan ng baboy o iba pang hayop, ay kakalat ang impeksyon kapag iyong baboy ay nakagat ng isang lamok at ito ay kumagat ng tao. Tumatagal ng 6 - 16 na araw bago lumabas ang mga sintomas mula sa impeksiyon. Karamihan sa mga naimpektang tao ay walang mga sintomas, ngunit sinasabing ang 1 tao sa 100 - 1,000 katao ang magkakaroon ng mga sintomas tulad ng pamamaga ng utak. Sinasabi ring kapag nagkakaroon ng mga sintomas tulad ng mataas na lagnat, sakit ng ulo, pagsusuka, pagkawalan ng malay, at kumbulsyon, ang 20 - 40% ng mga taong ito ay mamamatay.

【日本脳炎ワクチン】

JAPANESE ENCEPHALITIS VACCINE

ワクチンの発症予防効果は約 80%と推定されており、接種回数が多くなるほど抗体の割合

は高くなります。1~2回の接種では不十分で、3回以上接種しておくことが重要です。
 Ang bakuna ay tinatayang 80% ang bisa sa pagpigil sa impeksiyon, at kapag mas maraming beses ng bakuna ang iyong natatanggap, mas tataas ang porsyento ng panlaban ng katawan. Hindi sapat ang 1 – 2 beses ng pagpapabakuna at mahalagang tumanggap ng 3 o higit pa.

【接種スケジュール】

ISKEDYUL NG PAGBABAKUNA

種類 Uri		回数	接種方法、間隔
1期 1 yugta	初回 Una	2回 2 beses	6日以上（標準的には6日から28日まで）の間隔をあけて2回接種 Magbigay ng pagitan na 6 na araw o higit pa (karaniwan ay pagitan ng 6 - 28 araw), 2 beses
	追加 Dagdag	1回 1 beses	初回接種終了後6か月以上（標準的にはおおむね1年）の間隔をあけて1回接種 6 buwan o higit pa (karaniwan ay mga 1 taon) mula sa pagkumpleto ng unang pagpapabakuna, 1 beses
2期 2 yugto		1回 1 besse	9歳以上 13歳未満で1回接種 9 - 13 taong gulang, 1 beses

【副反応】

SIDE EFFECT

主な副反応は接種部位の発赤や腫れ、発熱、発しんなどで、これらのほとんどは接種3日後までにみられます。

ごくまれに、ショック、アナフィラキシー、急性散在性脳脊髄炎（ADEM）、脳炎、けいれん、血小板減少性紫斑病などの重大な副反応の発生がみられることがあります。

Ang pangunahing side effect ay pamumula at pamamaga ng bahaging binakunahan, lagnat, pamamantal, at halos lahat ng ito ay makikita 3 araw pagkatapos mabakanuhan.

Sa napakabihirang pagkakataon, nakikita rin paglabas ng mga malalang side effect tulad ng pagkabigla, anapilaksis, acute disseminated encephalomyelitis (ADEM), pamamaga ng utak, kumbulsiyon, thrombocytopenic purpura, atbp.